# INTERNATIONAL NAPASA ( November 18, 2025 )

## 1)UKOL SA PAGDIRIWANG NG HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER

平塚市民活動センターの祭りのお知らせ

Sa November 23 (Sunday) ay magkakaroon ng ***"HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER FESTIVAL ( SHIMIN KATSUDO SENTA MATSURI )*** sa Hiratsuka Civic Activity Center. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon. Ang pagdiriwang na ito ay pagpapa-alam ng mga ginagawang aktibidad ng iba't-ibang grupo ng mga mamamayan sa Hiratsuka Civic Activity Center. Mayroong pagbibigay ng mga inpormasyon ng aktibidad ng bawat grupo, booth para sa mga pagsubok, bazaar, mga tindahan at iba pa. Kaya inaasahan namin ang inyong pagdating. Para sa iba pang mga katanungan ukol sa detalye ng pagdiriwangay maaaring makipag-alam sa ***HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER (SHIMIN KATSUDO SENTA ).*** Telephone Number **0463-31-7571 (0463-31-7571).**

## 2)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa November 19 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Bara Concert"*** mula kay Ms. Konomi San, at mula 2:00 ng hapon ay pag-pi piano na may pamagat na ***"Ongaku no Palette".*** mula kay Sakamoto Shizu.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 3)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa November 30 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***SHIMISU S-PULSE.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng

**¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 4)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売 会のお知らせ

Sa November 22 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 5)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa November 30 ang huling palugit ng ikatlong bahagi ng bayarin ng ***PROPERTY TAX.*** At dahil ang ka-30 araw ay natapat ng Linggo ang petsa ng huling palugit sa bayarin ay hanggang sa December 1. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

## 6)UKOL SA JAPANESE LANGUAGE CLASS MULA SA MGA BOLUNTARYONG GURO

ボランティアによる日本語教室のお知らせ

Ang mga sumusunod na 4 na ***JAPANESE LANGUAGE CLASS*** sa Hiratsuka City mula sa mga boluntaryong guro:

1. **HIRATSUKA INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION.**
2. **KABERA JAPANESE LANGUAGE ASSOCIATION.**
3. **SHONAN JRC**
4. **YOKOUCHI PROJECT**

Ang lahat ng nabanggit na Classroom ay walang bayad at ang lugar, araw ng pagsisimula, Kwalipikasyon sa Paglahok at mga detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City.

## 7)UKOL SA TULONG SA GASTOS SA PAGBILI NG HELMET PARA SA

自転車用ヘルメットの購入補助のお知らせ

Itinatag ang batas mula noong Abril, 2023 na isang obligasyon ang pagmamandato ng paggamit ng ***HELMET*** sa pagbibisikleta.

May sistemang pagbibigay ng ilang parte ng tulong para sa pagbili ng ***HELMET*** sa mga Shop ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang tulong na maibibigay ay nagkakahalaga ng hanggang ***¥1000*** sa isang Helmet sa mga batang may edad na hindi lalampas ng 12 taon gulang at sa mga matatandang may edad na 65 taong gulang pataas. Ipakita lamang ang inyong ID para sa pagkakilanlan ng inyong pangalan, kapanganakan at tirahan sa pagbili sa loob ng lungsod ng Hiratsuka. Para sa mas detalyadong impormasyon ukol sa mga shops ng bisikleta at iba pang impormasyon ay makikita sa Home page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. **Telephone No. 0463-35-8108 (0463-35-8108).**